Isang Tahanan Iisang Salita, Isang Bahay Isang Wika: Wikang Pantahanan Sa Irosin, Sorsogon

One Home One Word, One House One Language: Home Language of Irosin, Sorsogon

Camano, Dexter Dan Anthony, Galoso

Escote, Joanna Marie, Gabito

Gigantoca, Gian, Podolig

Polo, Mary Kathlene, Bedes

Researchers

Abstract- *This study was conceptualized to assess the home language used in the everyday life of the households particularly in the town of Irosin, Sorsogon, according to Pokorn (2015) Home language is the language or variety of languages commonly used by members of a family for their daily communication or conversation in their home. The research utilized descriptive analysis design. Purposive sampling was used to gather the data from the 10 household representative respondents of the study each coming from the 5 clusters of barangays in the town of Irosin, note that there are 2 respondents gathered from each cluster that they represent. Content and thematic analysis was employed to analyze the home language or words, its definition, the similarities and differences and of these household words among the clusters of barangay in Irosin, Based on the interpretation and the analysis of data there had been multiple variety of household words each with their interpretation or description unique to its own. Based on the study results the researchers acknowledged the similarities and the differences of the home language in the town of Irosin through the household words that are similarly spelled or is repeated in one or another cluster and has the same given meaning and also to the words with different spelling but the same interpretation or meaning in the five different clusters. With the common causes of these similarities and differences being geographical factors, generational passage, preference, and interpretation. The researchers recommend this study to be the basis of the Department of Education on the enhancement of the Mother Tongue subject in elementary schools by implementing additional content on the local home language of the town of Irosin and its barangays.*

Abstrak- *Ang pag-aaral na ito ay binibigyang-konsepto upang masuri ang wikang pantahanan na ginagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga sambahayan partikular sa bayan ng Irosin, Sorsogon, ayon kay Pokorn (2015) Ang wikang pantahanan ay ang wika o varayti ng mga wikang karaniwang ginagamit ng mga miyembro ng isang pamilya para sa kanilang pang-araw-araw na komunikasyon o pag-uusap sa kanilang tahanan. Ang pananaliksik ay gumamit ng deskriptibong disenyo ng pagsusuri. Ginamit ang purposive sampling sa pangangalap ng datos mula sa 10 na kalahok na kumakatawan sa kanikanilang tahanan, bawat isa ay nagmumula sa 5 klaster ng barangay sa bayan ng*

Irosin, mayroong 2 kalahok na nakalap mula sa bawat klaster na kanilang kinakatawan. Ginamit ang content at thematic analysis upang suriin ang wikang pantahanan o mga salita, ang kahulugan nito, ang pagkakatulad at pagkakaiba at ng mga salitang sambahayan na ito sa mga klaster ng barangay sa Irosin, Batay sa interpretasyon at pagsusuri ng mga datos nagkaroon ng maraming uri ng pantahanang salita bawat isa ay may sariling interpretasyon o paglalarawan. Batay sa mga resulta ng pag-aaral, kinilala ng mga mananaliksik ang pagkakatulad at pagkakaiba ng wikang pantahanan sa bayan ng Irosin sa pamamagitan ng mga salitang pantahanan na magkatulad ang baybay o inuulit sa isa o ibang klaster at may parehong ibinigay na kahulugan at gayundin sa mga salitang may magkaibang baybay ngunit iisa ang interpretasyon o kahulugan sa limang magkakaibang klaster. Ang mga karaniwang sanhi ng pagkakatulad at pagkakaiba na ito ay ang mga heograpikal na salik, pagpasa-pasa sa mga henerasyon, pagtatangi , at sariling interpretasyon. Inirerekomenda ng mga mananaliksik ang pag-aaral na ito na maging batayan ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagpapahusay ng asignaturang Mother Tongue sa mga paaralang elementarya sa pamamagitan ng pagpapatupad ng karagdagang nilalaman sa lokal na wikang pantahanan ng bayan ng Irosin at mga barangay nito.

Susing Salita*- Wikang Pantahanan (Home Language), Salitang Pantahanan (Household Words), klister (cluster), deskriptibong disenyo (descriptive design), heograpikal (geographical), henerasyon (generation)*

INTRODUKSIYON

[1] Ang Pilipinas ay tahanan ng humigit-kumulang 175 iba't ibang wika. Ang pambansang wika ay Filipino, isang standardized na bersyon ng Tagalog na ginagamit sa pormal na edukasyon sa buong bansa. Ang Filipino at Ingles ay mga opisyal na wika, at ang pamahalaan ay madalas na gumagamit ng Ingles. Higit pa rito, ang mga batas ng wika sa mga paaralan sa Pilipinas ay may malaking pagbabago sa nakalipas na siglo, na may bagong patakaran para sa halos bawat henerasyon. Hanggang sa mga Patakaran sa Edukasyong Bilinggwal noong 1974 at 1987, ang mga wikang panturo sa mga paaralan ay Filipino at Ingles. Sa kabila ng katotohanan na higit sa 80% ng populasyon ay hindi nagsasalita ng alinman sa mga wikang ito bilang kanilang pangunahing wika (Burton, 2013).

[2] Ang wikang ginagamit ng tao ay nakadepende sa uri ng taong kanyang kinakausap. Ito ay pinatutunayan nina Sebanz, Knoblich at Butterfill (2012) na nagsabing sa pakikipag-usap ay kailangang unawain at intindihin ng nagsasalita ang kanyang kausap. Ang wika bilang makapangyarihang behikulo ng pakikipagugnayang sosyal, malaki rin ang papel nito sa pagdukal ng karunungan o kamalayan. Isang instrumentong nagbibigay-linaw sa kung ano ang pinagmulan o kasaysayan ng isang indibidwal o pulutong ng tao. [3] Isang pagpapatunay na “Ang pagkakaroon ng barayti ng anumang wika ay isang realidad

na nagpapakita ng pagbabago nito dahil sa iba’t ibang paraan ng paggamit sa wika. Sumasalikop ang wika sa kultural na dibersidad ng bansa” (Peregrino et al. 2017).

[4] Tinukoy ni Abueg (2008) na ang pasalitang wika ang karaniwang batayan ng pagsusuri ng pagbabago ng wika. Kaya naman kinakailangang pag-aralan ang mga pagbabagong nagaganap sa pagbigkas, kayarian ng pangungusap, ginagamit na leksikon, at iba pang aspekto ng wikang hindi nasasalamin sa pasulat na wikang pinag-aralan. Sa pahayag na ito nakaangkla ang kasalukuyang pag-aaral na maaaring makapagpatighaw sa larangan ng varayti nat varyasyon ng wikang Filipino. [5] Ayon kay Saussure (2007), “ang gamit ng wika sa isang komunidad ay dala ng sosyo-heograpikong kadahilanan at ang resulta ay magkakaroon ng sub-group ang isang wika.” Sa maraming paraan, ang pananalita ay isang uri ng panlipunang identidad at ginagamit, malay o hindi malay para tukuyin ang pagkabilang sa iba’t ibang panlipunang pangkat o iba’t ibang komunidad. Kaya nangingibabaw ang pekulyaridad ng wika ng mga naninirahan sa isang partikular na lugar.

[6] Ayon kay Pokorn (2015), Ang terminong "mother tongue" ay tumutukoy sa katutubong wika ng isang tao, na natutunan nila mula sa kapanganakan. "Ang pangkalahatang paggamit ng terminong 'mother tongue'...ay nagsasaad hindi lamang sa wikang natututuhan ng isang tao mula sa kanyang ina, kundi pati na rin sa nangingibabaw at sariling wika ng tagapagsalita; ibig sabihin, hindi lamang ang unang wika sa mga tuntunin ng oras ng pagkuha, ngunit ang una sa kahalagahan at kakayahan ng tagapagsalita na makabisado ang mga aspetong pangwika at komunikasyon nito.

Ang wikang pantahanan ay ang wika o barayati ng mga wika na karaniwang ginagamit ng mga miyembro ng isang pamilya para sa araw araw nilang pakikipagugnayan o pag-usap sa kanilang tahanan. [7] Ayon kay Nordquist (2019) ang terminong "mother tongue" ay tumutukoy sa katutubong wika ng isang tao ibig sabihin, isang wikang natutunan mula sa pagsilang. [8] Tinatawag ding unang wika, nangingibabaw na wika, pantahanang wika, at katutubong wika. Ito ang pamayanan ng sariling wika, ang wikang sinasalita sa isang rehiyon, na nagbibigay-daan sa proseso ng enkulturasyon, ang paglaki ng isang indibidwal sa isang partikular na sistema ng linguistic perception sa mundo at pakikilahok sa siglo-lumang kasaysayan ng produksiyonng linggwistika (Tulasiewicz, W. at A. Adams, 2005).

Bisakol o dayalektong may impluwensiya ng Bikol at Bisaya ang pangunahing wikang ginagamit ng mga mamamayan sa Bayan ng Irosin, sa lalawigan ng Sorsogon. Dahil sa dami ng gumagamit at patuloy na pagbabago kasabay ng pagbabago sa panahon at karanasan ng gumagamit, malaki ang nagiging epekto nito sa pagiging indibidwal at sa komunidad na ginagalawan. Ang mga pagbabagong ito ay nagreresulta ng pagkakaroon ng pagkakaiba-iba at pagkakaroon ng barayti sa isang partikular na wika.

PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Layunin ng pag- aaral na ito ang matukoy ang pagkakaiba-iba ng mga salitang pantahanan bawat klaster ng mga baranggay ng bayan ng Irosin, Sorsogon. Partulukar hinahangad nitong sagutan ang mga sumusunod.

(1) Matukoy ang a mga salita o wikang pangtahanan sa ibat ibang klaster ng mga barangay sa Irosin (2) Malaman ang pagkakaiba at pagkakatulad ng bawat klaster ng mga barangay sa kanilang mga salitang pantahanan at kahulugan nito(3) Malaman ang dahilan kung bakit may pagkakaiba sa wikang pantahan ang mga klaster ng barangay sa Irosin (4) Interbensyon na maaaring mabuo mula sa mga nakalap at sinuring datos ng pag- aaral.

PAMAMARAANG GINAMIT

Ang disenyong ginamit sa pananaliksik na ito ay tinanatawag na deskriptibong analysis. Ang bayan ng Irosin ay binubuo ng labing walong mga barangay na nahahati sa limang mga klaster. Ang mga kalahok na naging kabilang dito ay binubuo ng 10 na tao na nanggaling sa limang klaster ng mga barangay sa bayan ng Irosin, Nangangahulugang bawat klaster ng mga barangay ay binubuo ng 2 kalahok na magsisilbing representatibo ng kanikanilang pamilya o tahanan. Ibig sabihin nito sila ang magiging kinatawan ng kanilang naturing na klaster. Gumamit ng isang talahanayan upang makalikom ng datos ukol sa mga salitang pantahanan na ginagamit ng mga kalahok sa kanilang pang araw-araw na pamumumuhay, kung saan itatala nila sa talahanayang ito ang mga salita at kahulugan nito. Ang mga Salitang Pantahanan ay hinati sa 6 kategorya ng mga talahanayan partikular sa iba’t ibang bahagi ng bahay, ito ay ang: Banyo, Silid-kainan, Bakuran, Kusina, Kwarto, at Sala. Sa mga kategoryang ito nakabatay ang mga salita o terminong nilagay ng mga kalahok, naglaan din ng mga katanungan ukol sa mga kadahilanan ng pagkakaiba ng mga wikang ito matapos makolekta ang mga salita. Purposive sampling ang ginamit ng mga mananaliksik sa pagkuha ng 10 na mga kalahok na galling sa limang klaster ng barangay sa Irosin bilang target ng pananaliksik. Inalam muna ng mga mananaliksik ang kinabibilangang klaster at barangay ng mga. Ang kanilang pagkakakilanlan ay opsyonal nilang itatala ngunit ang branggay at klaster na kanilang ikinabibilangan ay mananatiling nakalahad. Gumamit rin ang purposive sampling sa pagpili ng kalahok na mag rerepresenta sa kanilang klaster gayundin sa kanilang pamilya o tahanan partikular sa 2 kalahok na magiging kinatawan ng bawat klaster.

MGA NATUKLASAN

1. **mga salita o wikang pangtahanan at ang kahulugan nito sa ibat ibang klaster ng mga barangay sa Irosin**

Base sa mga nakalap na datos ng mga kategoryang nilaan ukol sa mga salitang pantahanan ng bayan ng Irosin. Kapansin pansin din ang bariety at dibersidad ng mga salitang pantahanan ng limang klaster sa mga talahanayan ibat ibang mga salita na ibinigay ng mga kalahok dito. Ang mga salitang pantahanang ito ay bahagi ng barayati ng wika na tinawag na ekolek. [9] Ang ecolect ay isang varayti ng wika na natatangi sa isang sambahayan (mula sa Griyegong "eco (oikos)" para sa bahay, at "lect" para sa wika). Ang isang ecolect ay nanggaling mula sa isang idiolect, na partikular sa indibidwal, kapag pinagtibay ng ibang miyembro ng tahanan ang mga natatanging salita at parirala ng indibidwal na iyon, na hindi ginagamit sa mga nakapaligid na sambahayan o sa mas malawak na komunidad (Helm, 2012).

Nakalaad sa mga sumusunod talahanayang ito ang mga salitang pantahan na aming nakalap mula sa unang klaster hanggang sa ika-lima. Una sa lahat ay ang kategorya ng mga salitang pantahanan na nakabilang sa "kusina", [10] ayon kay Quilis at Fresnilio (2008) ang salitang kusina ay isang salitang hango sa Espanyol na "cocina", ang salitang ito ay nangangahulugang isang silid kung saan iniluluto at hinahanda ang pagkain. Samantala, makikita rin sa mga salitang pantahanang nakatala rito ang mga hiram na salitang Ingles. Dito pa lang ay mapapagtanto na ang kultural na impluwensya ng mga dayuhang bansa sa ating wika. Ang pinapahiwatig ng mga nagdaang talahanayanan ay karaniwang tagalog at namamayagpag na Sorsoganon o bisakol na diyalekto. Sa kabuuang 167 na nakalap na mga salitang pantahan sa bayan ng Irosin ang dialektong namamayag dito ay 64.67 porsiyentong sorsoganon o bikol, 29.24 naman dito at tagalog at ang natitirang 5.99 % ay mga hiram na dayuhang salita. Sa pangkalahatan likas ang kalinangan sa pantahanang wika at sa kabuuang wika ng Irosin, Sorsogon at taimtim nitong sinasalamin ang kutura ng Pilipinas

Talahanayan 1: Mga salitang pantahanan particular sa pang **kusinang** lunan na ginagamit ng limang klaster ng mga barangay sa Irosin

Klaster 1	Klaster 2	Klaster 3	Klaster 4	Klaster 5

Suwa	Kaserola	Karaha	Mamakot	Karaha
Pasitis	Kawali	Kaldero	Maunog-unog	uring
Batag	sandok	Bangkuan	pagsugna	Bandihado
Sapna	paggisa	Pagrupdop	Mag- alog	Saraan
De lata	pagsanlag	Paggisa	kagudan	ingkudan
Lana	Kutsilyo	karaha	kawa	Trapo
Gripo	paggurot	kaldero	taluhong	Kaldero
Tawyo	pagsapna	sandok	kubyertos	Sugna
	Kaldero	kutsilyo	pinggan	Hugasan
	Kutsara	Paghugas pinggan	pagpritos	
	Tapis/apron	isuruda		
	Trapo	saraan		
	Sugnaan/kalan	tuktukan		
	Kutsilyo	pagsugna		
	Pinggan			
	Baso			

Talahanayan 2: Mga salitang pantahanan particular sa pang **banyong** lunan na ginagamit ng limang klaster ng mga barangay sa Irosin

Klaster 1	**Klaster 2**	**Klaster 3**	**Klaster 4**	**Klaster 5**
Laton	pagkarigos	Kubita	tubal	Balde
Sukray	tabo	Inodoro	sabon	Pang hirog
Labakara	tuwalya	Karigo	labar	Inurula
Karigos	panghilod	Balde	tubi	Tabo
Sabon	panipilyo	Labar	planggana	Tualya
Shampoo	labar	tabo	habon	salming
Balde	arinola	balde	paglabar	Udo
Tabo	labakara	tualya	pagkasilyas	Iniduro
	Balde	panghirog		Gripo
	Sabon	paglabar		Barado
	Shampoo	sipilyo		
	sipilyo			
	twalya			

Talahanayan 3: Mga salitang pantahanan particular sa pang **kwartong** lunan na ginagamit ng limang klaster ng mga barangay sa Irosin

Klaster 1	**Klaster 2**	**Klaster 3**	**Klaster 4**	**Klaster 5**
Maturog	tamong	Bintilador	matipig	Ulunan
Adal	sapin	Tuspok	malinig	Tamong
Salming	kama	Punda	bimpo	Ingkudan
bado	ulunan	Turugunon	kurtina	Sulong-sulong
Higdaan	bintilador	Kamata	Tamong	katre
Ulunan	Durabox	ulunan	katre	bado
Tamong	ilik	tamong	ulunan	
	sanglian	kutson		
	Katri	katre		
	Aparador	aparador		
	Ingkudan			
	Ilaw			
	Bintilador			

Talahanayan 4: Mga salitang pantahanan particular sa pang **salang** lunan na ginagamit ng limang klaster ng mga barangay sa Irosin

Klaster 1	**Klaster 2**	**Klaster 3**	**Klaster 4**	**Klaster 5**
Ingkod	tukawan	Parong	Bangkito	Ingkudan
Mangadji	uyagan	Ingkod	lamesa	Salming
Mag-imod	lamesa	Ati	pantaw	Lampaso
Tarambay	telibisyon	Siraduhi	ingkudan	Samhod
Sofa	trapo	Maation	Pag imod	Gasira
Lamesa	samhod	sopa	Palabas	Pagsamhod
TV	pamunayan	TV		
Salmin	pagsamhod	orasan		
	Sopa	salming		
	T.V.	kalendaryo		

		samhod		

Talahanayan 5: Mga salitang pantahanan particular sa pang **silid kainang** lunan na ginagamit ng limang klaster ng mga barangay sa Irosin

Klaster 1	**Klaster 2**	**Klaster 3**	**Klaster 4**	**Klaster 5**
Pinggan	Lamisa	Kutsara/tinidor	Lamesa	Isuruda
Lamesa	Ingkudan	ingkudan	termo	Pamahawan
Ingkudan	Pinggan	tasa	paghungit	Pamirendalan
Luto	Baso	baso	pinggan	Panigabihan
Tubi	Kubyertos/ kutsyarita	lamesa	tasa	Pangalas dosehan
Kaon	tukawan	mangko	Kutasara/tinidor	Ingkudan
Bangkuan	Kutsara/tinidor	linuan		Trapo
Bahaw	pinggan	Bahog		Gasira
	mantel	Ingkudan		bahaw
	pagdamo	Kaon		Luto
	pagbisay	Tuda-tuda		Dukot
	sawsawan	Puyo		
	pitchel			
	magpwesto			
	pagkuwag			

Talahanayan 6: Mga salitang pantahanan particular sa pang **bakurang** lunan na ginagamit ng limang klaster ng mga barangay sa Irosin

Klaster 1	**Klaster 2**	**Klaster 3**	**Klaster 4**	**Klaster 5**
Masitas	tambayan	Pagtanom	pala	Silhig
Umuyag	palaypayan	Pagsaribo	silhig	Kudal
Gingot	pagsigid	Pagsilhig	kagkag	ging ot
Silhig	sundang	Purot	siwo	Baybay
Tinanom	kagkag	Pagtapok	paghawan	tinanom
Paso	bombahan	silhig	pagsilhig	burak
Bato	tangkalan	pala	paglimpya	bahug
Kotse	Pagdugdog san tinanom	kagkag		Daspan

	paghawan	asadol		
	Pag arok			
	Ingkudan			
	Sampayan			
	Sil hig			

2.) Pagkakaiba at pagkakatulad ng bawat klaster ng mga barangay sa kanilang mga salitang pantahanan at kahulugan nito

Talahanayan 7. Mga salitang pantahanan na may pagkakatulad ng baybay o nauulit sa isa at sa iba pang klaster at may iisang ibinigay na kahulugan

Kategorya	Salita	Kahulugan
Banyo	● Tabo ● Labar ● Paglabar ● inidoro	● Ginagamit pagkuha ng tubig. ● Paghihilamos ng mukha ● Paghihilamos ng mukha ● Kung saan lumalabas ang dumi ng tao.
Kusina	● Pinggan ● Kutsilyo ● Paggisa ● Saraan ● trapo	● Lalagyan ng mga pagkain ● Ginagamit panghiwa ● Pagluluto ng pampalasa ng pagkain ● pangsala ● Panglinis sa mga ginamit
Kwarto	● Ulunan ● Tamong ● bintilador	● Unan ● Ginagamit ito upang hindi ka lamigin ● Ginagamit upang magpahangin
Sala	● Samhod ● salming ● Lamesa	● Pang Alis ng dumi ● salamin ● Lalagyan ng mga gamit
Silid-Kainan	● Isuruda ● Bahaw ● Pinggan	● Ulam ● Malamig na kanin ● Lalagyan ng pagkain

Bakuran	● Paghawan ● Kagkag ● Silhig	● Pag alis ng damo ● Paghakot ng dumi ● Ginagamit na pang alis ng dumi

Mapapansin ang mga salitang naitala ay hindi maitatangging may pagkakatulad sa bawat klaster na ikinabibilangan nito, ito ay nasusuportahan rin ng mga kahulugang ibinigay ng mga kalahok dito. [11] Sa linggwistika, ang pagkakatulad ng leksikal ay isang sukatan ng antas kung saan magkatulad ang mga hanay ng salita ng dalawang binigay na wika. Mayroong iba't ibang paraan upang tukuyin ang pagkakatulad ng leksikal at ang mga resulta ay nag-iiba nang naaayon. Isa sa mga paraan ay binubuo sa paghahambing ng isang listahan ng mga salita na na-standardize sa rehiyon at mga form ng pagbibilang na nagpapakita ng pagkakapareho sa parehong anyo at kahulugan. Gamit ang gayong pamamaraan, sinuri ang Ingles na may pagkakatulad na leksikal na 60% sa Aleman at 27% sa Pranses. Ang pagkakatulad ng leksikal ay isa lamang indikasyon ng pagkakaunawaan ng dalawang wika, dahil ang huli ay nakasalalay din sa antas ng pagkakatulad ng phonetical, morphological, at syntactical (Ethnologue 2021).

Sa kaso ng bayan Irosin,ito ay sa pamamagitan ng mga klaster ng mga barangay.Ang pagkakaroon ng *“lexical similarity”* mula sa limang klaster ng mga barangay ay hindi na sorpresa sapagkat ang mga lugar na ito ay magkakabahagi ng isang nabuong kultura at kasaysayan sa mahabang panahon bilang isang komunidad sa isang bayan.

Talahanayan 8. Mga salitang may pagkakaiba ng baybay ngunit parehas ang interpretasyon o kahulugan sa klaster 1-5

Kategorya	Barasyon ng mga salita	Kahulugan
Banyo	• Balde/Laton • Sabon/Habon • Pagkarigos/Karigos/Karigo • Tuwalya/Tualya • Sipilyo/Panipilyo • Panghirog/Labakara • Inirola/ Arinola	• Lalagyan ng tubig • Panglinis sa katawan • Paglilinis ng katawan • Pinupunas sa basang katawan • Paglilinis ng ngipin • Maliit na tuwalya • Ginagamit sa pag ihi
Kusina	• Sapna/Pagsuna/Sugna • Kaldero/Kaserola • Kawali/Karaha	• Pagsasaing ng kanin • Ginagamit sa pagluluto sa may mga sabaw • Ginagamit pang prito
Kwarto	• Higdaan/Katri/Kama/Katre • Aparador/Sulong-Sulong	• Higaan • Lalagyan ng damit
Sala	• Tv/ Telibisyon • Pagsamhod • Sopa/Sofa • Tukawan/Ingkudan/Bangkito	• Ginagamit upang makapanood ng mga pelikula • Nagwawalis ng kalat • Upuan na may kutson • Ginagamit ito upang maka upo
Silid-Kainan	• Bangkuan/Tukawan/Ingkudan • Dukot/Tipo • Lamesa/Lamisa • Kusara/Kutsarita	• Upuan • Tutong • Maaaring lagyan ng mga plato o kagamitan • Ginagamit sa pagkain
Bakuran	• Masitas/Tinanom • Palaypayan/Sampayan • Pagsigid/Pagsilhig • Pagsaribo/Pag Arok	• Halaman • Sampayan ng damit • Pagwawalis sa bakuran • Pag igib ng tubig

[12] Sa Pilipinas, maraming mga Wika, Diyalekto, at kultura tayong makikita. Kahit iisa lamang tayong mga Pilipino, naka depende pa rin ang kultura at wika sa heograpikal na aspeto ng isang lugar. Ang mga kultura sa Luzon ay hindi pareho sa kultura ng Visayas at Mindanao. Ito'y dahil sa maraming mga bagay. Pero, ang isa sa pinakamalakaing dahilan nito ay ang pagkawatak-watak ng mga isla ng Pilipinas (Ki 2021). Gayundin sa Irosin, ito ay watak-watak sa mga klaster ng mga barangay at ang bawat barangay ay may sariling aspeto at may pagkakaiba sa isa't isa maging sa heograpiya, paniniwala at wika pero ang bawat mamamayan ay nagkakaisa. May pagkakaiba ang mga salita sa bawat barangay ng Irosin ngunit ang

mga kahulugan nito ay magka pareho lamang, gayundin sa parehas ang baybay pero iba ang kahulugan.

Ayon kay Reppen (2002) [13] ang pagkakaiba-iba ng wika ay sentro sa pag-aaral ng paggamit ng wika. Sa katunayan, imposibleng pag-aralan ang mga anyo ng wika na ginagamit sa mga natural na teksto ng hindi nahaharap sa isyu ng linguistic variability. Ang pagkakaiba-iba ay likas sa wika ng tao: ang isang nagsasalita ay gagamit ng iba't ibang anyo ng linggwistika sa iba't ibang okasyon, at ang iba't ibang tagapagsalita ng isang wika ay nagpapahayag ng parehong kahulugan gamit ang iba't ibang anyo. Karamihan sa pagkakaiba-iba na ito ay lubos na sistematiko: ang mga nagsasalita ng isang wika ay gumagawa ng mga pagpipilian sa pagbigkas, morpolohiya, pagpili ng salita, at gramatika depende sa isang bilang ng mga non-linguistic na salik. Kabilang sa mga salik na ito ang layunin ng tagapagsalita sa komunikasyon, ang ugnayan sa pagitan ng tagapagsalita at tagapakinig, ang mga pangyayari sa produksyon, at iba't ibang demograpikong kaugnayan na maaaring magkaroon ng isang tagapagsalita. Pinapatunayan ng pagaaral na ito na sa bayan ng limang klaster ng mga baranggay sa Irosin makikita ang barasyon ng ibat ibang mga salita o wikang pantahanan at maaaring mayroon itong pagkakaiba at pagkakatulad sa kinabibilangan nitong klaster.

3.) Ang mga dahilan kung bakit may pagkakaiba at may pagkakatulad sa wikang pantahan ang mga klaster ng barangay sa Irosin

Matapos matukoy ang mga klaster na may pagkakaiba iba ng salita ay inalam ng mga mananaliksik ang mga dahilan kung bakit nagkakaroon nang pagkakaiba iba ang mga salita sa bayan ng Irosin. Itinanong ng mga mananaliksik sa mga napiling respondente kung ano ang sa tingin nilang dahilan kung bakit nagkakaroon ng ibat ibang termino ang mga salitang ginagamit sa pang araw araw at kung papaano ito naka apekto dito, inanalisa ang mga naging kasagutan ng bawat kalahok upang matukoy ang mga posibleng dahilan ng pagkakaiba iba ng mga salitang ginagamit. Karamihan sa mga kalahok ay sinagot na may pagkakaiba **dahil sa layo ng lugar na tinitirhan nila,ang mga salitang ginagamit kadalasan ng mga tao sa magkakalapit na lugar ay hindi masyadong naririnig o ginagamit sa kanilang lugar kaya nagkakaroon ng pagkaiba ng wikang ginagamit nila sa pang araw araw**, [14] ang mga pahayag nila ay sinusuportahan ng Memafilipino (2017) na nagsasabing nagiging salik ang heograpiya o lugar ng nagsasalita sa pagkakaroon ng varayti ng wika. Dahil ang pilipinas ay isang arkipelago na nahahati ng katubigan at kapatagan, at napaghihiwalay ng mga pulo at kabundukan, hindi maiwasang makalikha ng sariling kultura o paraan ng pamumuhay ang mga taong sama-samang naninirahan sa partikular na pulo o lugar. Ayon naman sa pahayag ng sumunod na mga kalahok may pagkakatulad ito **dahil sa pagkakatulad tulad ng interpretasyon ng mga salita sa kani kanilang lugar, nagiging parehas ang interpretasyon nila kayat na umaangkop ito sa kanilang lugar na kadalasan na nilang nagagamit sa pang araw araw nilang ginagawa.** [15] Ayon sa pag-aaral ni Strongman (2017). Sa kontemporaryong panahon, karamihan sa mga theoreticians ay sumasang-ayon na ang wika ay lumitaw dahil sa interaksyon ng tatlong kumplikadong adaptive system: biological evolution, human learning at sa pamamagitan ng pagkuha at pagpapanatili ng kultura ng tao.Ayon sa argumento ng ebolusyon ng wika bilang isang unti-unting adaptasyon sa lipunan ng tao mula sa genetic assimilation at culturalization, ang pinagbabatayan na genetic substrate ng wika ay nagbibigay-daan sa isang Universal Grammar, na isang hanay ng mga prinsipyo sa gramatika

na nalalapat sa lahat ng mga wika ng tao. Ito ay napupunta sa ilang paraan upang ipaliwanag ang pagkakaiba-iba ng wika—bawat lipunan ay bubuo ng sarili nitong adaptasyon sa ibang linguistic na kapaligiran na umaangkop sa lokalidad at pagkakakilanlang panlipunan nito. Kasagutan naman ng ibang mga kalahok dahil ito sa **pagbubuo ng mga salita o pagbabago ng salita na kung minsan ay mas nagagamit na kaysa sa orihinal nitong termino, ang mga salitang kadalasan ay pinaalitan o ginagawan nang panibagong salita na naaayon sa kahulugan nito ay kadalasang mas ginagamit na nila sa kanilang lugar na nagiging dahilan kung bakit may mga salitang naiiba sa kanila at iba naman sa ibang lugar o klaster.** Sa kabuuang datos, ang nakaka apekto sa pagkakaiba iba ng mga salita sa bawat klaster sa bayan ng Irosin ay dahil sa layo ng lugar na tinitirhan, at pagbabago o paggawa nang panibagong termino na aaaring ipalit sa nasabing salita at ang pagkakatulad naman nito ay dahil sa pagkakapareho ng kani kanilang interpretasyon sa isahang komunidad o kani-kanilang mga lugar.

4.) Interbensyon na maaaring mabuo mula sa mga nakalap at sinuring datos ng pag- aaral.

Sa mga nakalap na datos at ideya mula sa pag-aaral maaring pagbasehan ito ng Kagawaran ng Edukasyon upang pagtibayin ang asignaturang *Mother Tongue* sa pamamagitan ng pag implementa ng karagdagang nilalaman ukol sa mga salitang pantahan partikular sa bayan ng Irosin at sa mga barangay na kinabibilangan nito. Mabibigyan ng panibagong kaalaman ang mga mag-aaral ukol dito pati narin ang buong mamamayan ng Irosin. Maaaring pagbatayan ang pananaliksik na ito ng iba pang mananaliksik upang higit na galugarin ang mga iba pang salita na may pagkaiba-iba sa bawat isa hindi lang sa mga salitang pantahan kundi sa iba pang aspeto ng komunikasyon.

KONKLUSYON

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon:

(1) Likas sa barayati at dibersidad ang mga salitang pantahanan ng limang klaster ng Irosin, Sorsogon(2) Mayroong pagkakaiba at pagkakatulad ang mga salitang pantahanan at mga kahulugan nito sa limang klaster ng Irosin, Sorsogon(3) Ang dahilan kung bakit pagkakaiba at pagkakatulad dahil sa layo ng lugar na tinitirhan, at pagbabago o paggawa nang panibagong termino na aaaring ipalit sa nasabing salita at ang pagkakatulad naman nito ay dahil sa pagkakapareho ng kani kanilang interpretasyon sa isahang komunidad o kani-kanilang mga lugar.(4) Pagbasehan ang pagaaral na ito ng Kagawaran ng Edukasyon upang pagtibayin ang asignaturang *Mother Tongue* sa pamamagitan ng pag implementa ng karagdagang nilalaman ukol sa mga salitang pantahan partikular sa bayan ng Irosin at sa mga barangay na kinabibilangan nito.

REKOMENDASYON

Batay sa mga resulta at konklusyon ng pag-aaral na ito, ang sumusunod na mga rekomendasyon ay nabuo:

(1) I re-rekomenda sa magdaraang mananaliksik na mas pagtuunan ng pansin ang mas nakakatanda o nagdaang henerasyon na mga mamamayan dahil sa mas may karanasan sila at kaalaman ukol dito upang matiyak na ang mga makakalap na impormasyon ay tama at may pagbabasehan. (2) Mabigyan diin ang bawat barangay hindi lang sa nakapaloob nitong klaster upang mas malawak ang makukuhang impormasyon at malaman ang pagkakaiba-iba na may pagtamo wikang pantahanan o pati na rin sa iba pang aspeto ng wika sa pakikipag komunika. Masisigurado din na ang makakalap na datos ay mula sa isang barangay lamang at mas organisadong masusuri at eksakto ang datos kompara sa kung ito ay nahahati sa bawat klaster. (3) Mas intindihin din ang kasaysayan ng bawat barangay na pag-aaralan upang malaman ang ugat kung saan may pagkakaiba-iba sa wika, sa pamamaraan na ito mas magiging mataas na kalidad ang mga datos na makakalap at magkaroon ng karagdagang impormasyon na makakatulong upang pagtibayin ang sariling pag-aaral at pati narin sa iba. Bigyan din ng pansin ang mga kalahok maging sa kanilang karanasan at kaalaman sa wika ng kanilang tinubuang-lupa. (4) Maaaring pagbatayan ang pananaliksik na ito ng iba pang mananaliksik upang higit na galugarin ang mga iba pang salita na may pagkaiba-iba sa bawat isa hindi lang sa mga salitang pantahan kundi sa iba pang aspeto ng komunikasyon.upang ito ay palawigin at magamit katulad ng Kagawaran ng Edukasyon kung saan maaaring magamit ang mga nakalap na datos at impormasyon at idagdag ito sa asignaturang *Mother Tongue*.

TALASANGGUNIAN

[1] Burton, L. A. (2013). Mother Tongue-Based Multilingual Education in the Philippines: Studying Top-Down Policy Implementation from the Bottom Up. Retrieved November 27, 2021, from https://conservancy.umn.edu/bitstream/handle/11299/152603/Burton_umn_0130E_13632.pdf

[2] Pelesco, J., & Borong N.L (Ed.D) (2021). Mga Bahagi ng Pananalita sa Iba't Ibang Kontekstong Sosyal: Implikasyon sa Pagtuturo ng Mother Tongue (Vol 6, Issue 7, pp. 3620)

[3] Peregrino, J.M. et al.(2017). Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Baryasyon ng Filipino. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino. Print.

[4] Abueg, E.R. (2008). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Unlad Publishing House. Insilay Street, Pasig City.

[5] De Saussure, F. (2007). A Course in General Linguistics.London: Edward Arnold. Print.

[6] Pokorn, N. (2013). Challenging the Traditional Axioms: Translation Into a Non-Mother Tongue. John Benjamins

[7] Nordquist, R. (2019).The Definition of Mother Tongue Plus a Look at Top Languages. Thought Co.

[8] Tulasiewicz, W. & Adams, A. (2005). "What Is Mother Tongue?" Teaching the Mother
Tongue in a Multilingual Europe. Continuum.

[9] Helm, G. (2012). Contemporary Canadian Poetry from the Edge: An Exploration of Literary Eco-criticism.

[10] Quilis, A., & Fresnillo, C.C. (2008). La lengua española en Filipinas: historia, situación actual, el chabacano, antología de textos. Madrid Consejo Superior de Investigaciones Científica 2008.

[11] Ethnologue (2021). Ethnologue data from *Ethnologue: Languages of the World, 14th Edition.*

[12] Ki (2021). Sanhi ng Pagkakaiba ng Wika At Kultura Sa Ating Bansa. Retrieved January, 2022, from https://philnews.ph/2021/03/22/sanhi-ng-pa-ating-bansa/agkakaiba-ng-wika-at-kultura-sa-ating-bansa/

[13] Reppen R. et al. (2002). Using Corpora to Explore Linguistic Variation. John Benjamins.

[14] Memafilipino (2017). *Heograpikal ng varayti ng wika at Gamit ng Wika*. Heograpikal ng Varayti ng Wika at Gamit ng Wika. Retrieved January 19, 2022, from http://memafilipino.blogspot.com/2017/09/heograpikal-ng-varayti-ng-wika-at-gamit.html

[15] Strongman, L. (2017). Language Evolution, Acquisition, Adaptation and Change, Sociolinguistics - Interdisciplinary Perspectives, Xiaoming Jiang, IntechOpen. https://www.intechopen.com/chapters/54552